

# Alamin ang Inyong Karapatan sa Pagboto

## California Elections 2016



★ Ang deadline sa pagparehistro ay sa: Lunes, **October 24, 2016.**

★ Ang General Election ay sa: Martes, **November 8, 2016**

### MAAARI BA AKONG BUMOTO SA ELEKSYONG ITO?

Para makaboto sa eleksyon, kailangan muna ninyong magparehistro!

Maaari kang magparehistro sa pagboto kung ikaw ay:

- U.S. citizen;
- residente ng California;
- magiging 18 years old o higit pa sa araw ng eleksyon;
- kasalukuyang hindi sa bilangguan o nakaparolado dahil nahatulang may sala sa isang krimen; at
- hindi naikonsidera ng korte na “mentally incompetent.”

### Paano Kung Hindi Ko alam na ako ay rehistrado na para bumoto?

Maaari ninyong itsek online kung ikaw ay rehistrado na para bumoto sa [www.sos.ca.gov/elections/registration-status](http://www.sos.ca.gov/elections/registration-status), pero maaari kayong simpleng magparehistro muli. Dapat kayong magparehistro muli kung nagpalit kayo ng pangalan o nagbago ng tirahan.

### Kailangan bang Nakakabasa at nakakasulat sa Ingles para makapagrehistro para bumoto?

Hindi, at dapat pa ngang makakuha ka ng ilang materyales sa botohan sa Intsik, Filipino/Tagalog, Hindi, Hapon, Khmer, Korean, Spanish, Thai, o Vietnamese. Itsek ang kahon sa voter registration form para sa mas gusto ninyong wika.

### Kailangan Ko Bang Pumili ng Isang Political Party?

Hindi, maaari kang magrehistro ng “No Party Preference” o iwanan lamang ang seksyong ito na blangko.

### PAANO ANG PAGPAPAREHISTRO SA PAGBOTO?

Ang deadline sa pagpaparehistro ng botante ay labinlimang (15) araw bago ang eleksyon: **October 24, 2016.** Maaari kayong magrehistro:

- sa [www.registertovote.ca.gov](http://www.registertovote.ca.gov) (maaari kayong magparehistro online na nasa sampung (10) wika);
- sa DMV, post office, library, o sa inyong county election office; o
- sa pagkontak sa **(800) 345-VOTE (8683)** upang magrequest ng voter registration form

### Makakuha ba ako ng impormasyon sa kung ano ang laman ng balota?

Oo. Bago sa araw ng eleksyon, ang mga opisyal ng State at county elections ay magpapadala sa koreo ng maraming impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga proposisyon sa balota.



### HOW DO I VOTE BY MAIL?

Maaari din kayong makaboto sa pamamagitan ng koreo, na ang ibig sabihin ay mga isang buwan bago mag eleksyon, matatangap ninyo ang inyong balota sa koreo. Maaari ninyong maipadala pabalik ang inyong balota sa koreo o ihulog ito sa isang lugar botohan sa araw ng eleksyon.

Maaari kayong magpatala upang maging isang botante na maaaring makaboto sa pamamagitan ng koreo habang kayo ay nagpaparehistro. Kung ikaw ay rehistrado na, maaari ninyong i-download ang aplikasyon para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa [www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/vote-mail/](http://www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/vote-mail/).

### Ano ang Deadline sa Pagpapadala ng Aking Balotang Vote-By-Mail?

Kailangan ang iyong vote-by-mail na balota ay may tatak na petsa ng araw ng eleksyon. Maaari din ninyong i-drop ito sa anumang lugar botohan sa inyong county bago mag alas otso ng gabi (8:00 pm) sa araw ng eleksyon.

### PAANO AKO BOBOTO SA ARAW NG ELEKSYON?

Ang araw ng eleksyon ay martes, **November 8, 2016.** Ang botohan ay magbubukas ng alas syete ng umaga (7 a.m.) hanggang alas otso ng gabi (8 p.m.)

Pumasok lamang po sa silid, hanapin ang mga nakatalaga sa botohan na nakaupo sa pangunahing lamesa, at ibigay ang inyong pangalan at address. Tiyakin po lamang ninyo na itanong kung may abilableng balota sa inyong mas gustong wika.

### Paano ako boboto?

Nakasaad sa inyong natanggap na sampol na balota mula sa opisina sa eleksyon ng inyong county ang listahan ng inyong lugar botohan. Maaari din ninyong makita ang lugar botohan na nakaassign sa inyo sa : [www.sos.ca.gov/elections/polling-place/](http://www.sos.ca.gov/elections/polling-place/).

## Kailangan Ko Bang Ipakita ang Aking ID sa pagboto?

Sa halos lahat ng sirkumstansya, hindi. Kailangan lamang ninyong ipakita ang mga dokumento para makaboto kung ito ay inyong kaunaunahang pagboto at hindi ninyo naisama ang inyong drivers ID Number, State ID Number, O Social Security Number noong nagparehistro kayo sa pagboto. Maraming dokumento ang sapat na; tawagan ang inyong opisina sa eleksyon kung ikaw ay nababahala tungkol sa kakulangan ng inyong indentipikasyon.

## Maaari Ba Akong Makapagsama Ng Makakatulong sa Akin sa Pagboto?

Oo. Pinapayagan ng batas ng California ang pagdadala ng hanggang dalawang katao sa inyong lugar botohan, hanggat di nila kinakatawan ang inyong employer o ang inyong union. Magsama ng miyembro ng inyong pamilya o kaibigan.



## Para Ireport ang mga Problema sa Araw ng Eleksyon, tumawag sa:

- ☛ **866-OUR-VOTE (866-687-8683)** para sa tulong sa Ingles.
- ☛ **888-API-VOTE (888-274-8683)** para sa tulong sa Ingles, Intsik, Vietnamese, Korean, Bengali, Urdu, Hindi, at Filipino/Tagalog.
- ☛ **888-Ve-Y-Vota (888-839-8682)** para sa tulong sa Ingles at Espanyol.
- ☛ Sa Los Angeles, maari ninyong tawagan itong hotline: **213-241-8845**

## Huwag Ninyong Hayaang Mawala ang Inyong Boto!

Kung hindi ninyo matukoy kung saan kayo nakarehistro o ano ang iyong tamang lugar botohan, huwag kayong susuko! Humingi ng pansamantalang balota. Ang pansamantalang balota ay balota na bibilangin matapos makumpirma ng mga opisyal sa eleksyon na ikaw ay eligible at nakumpirma nila na ikaw ay nakaboto sa iyong county kungsaan ka naninirahan.

## Paano kung Mayroong Nananakot o Nangha-harass sa Akin?

Magsabi agad sa sinumang nakatalaga sa lugar botohan. Kung ang poll worker mismo ang nangha-harass sa inyo, o hindi nakakatulong ang poll worker, tumawag sa mga teleponong nakalista dito sa pamphlet.

## MGA PROBLEMA SA LUGAR BOTOHAN

### Paano Kung Wala ang Aking Pangalan sa Listahan ng mga Botante?

Kung ang inyong pangalan ay wala sa listahan ng mga botante, pakiusapan ang nakatalagang poll worker na itsek muli ang lahat ng listahan, maging ang mga listahang suplemental. Kung di pa rin makita ang inyong pangalan, tanungin kung ikaw ba ay nasa maling lugar botohan at kung pwedeng matulungan ka ng poll worker na malaman ang tamang lugar botohan. Maaari din ninyong alamin ang inyong lugar botohan sa: [www.sos.ca.gov/elections/polling-place/](http://www.sos.ca.gov/elections/polling-place/).

## NAKASALIN BA SA IBANG WIKA ANG MGA BALOTA BUKOD SA INGLES?

Sa mga sumusunod na mga county sa California, ang lahat ng mga materyales sa pagboto ay dapat nakasalin sa ibat ibang wika:

- ★ **Alameda, San Diego, Santa Clara:** Espanyol, Intsik, Filipino/Tagalog, Vietnamese
- ★ **Los Angeles:** Espanyol, Intsik, Filipino/Tagalog, Hindi, Hapon, Khmer, Korean, Thai, Vietnamese
- ★ **Orange:** Espanyol, Intsik, Korean, Vietnamese
- ★ **Sacramento, San Mateo:** Espanyol, Intsik
- ★ **San Francisco:** Espanyol, Intsik, Filipino/Tagalog

Kahitpaman ang inyong gustong wika ay wala sa listahang ito, makakakuha kayo ng nakasalin na mga sampol na balota sa lugar botohan ng inyong komunidad kung ang inyong komunidad ay may sapat na bilang ng residente na nagsasalita ng inyong wika. Ang mga lenggwaheng may posibleng sampol na balota ay ang: Intsik, Filipino/Tagalog, Hindi, Hapon, Khmer, Korean, Espanyol, Thai, at Vietnamese. Maaari ninyong konsultahin ang nakasalin na mga balota kapag bumoboto, pero kinakailangang ninyong ihulog ang balotang nasa ingles.

Upang alamin bago ang araw ng eleksyon kung anong nakasalin na mga materyales ang available, tawagan ang opisina sa eleksyon ng inyong county. Makikita ang telepono ng opisina dito: [www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/](http://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/).

- ★ Sa inyong pagboto sa araw ng eleksyon, tanungin lamang ang mga istap na nakatalaga sa inyong lugar botohan kung mayroong nakasalin na mga materyales at kung mayroon sa kanilang nakapagsasalita sa inyong gustong wika.

**Upang tawagan ang Chief Elections Official ng California para sa tulong, tawagan lamang ang: 800-345-VOTE (800-345-8683)**